

## Ang Habag at Awa sa Islam

Ang "Rahma" o habag ay isang maikling salita ngunit napakalawak ang kahulugan. Ang pinakamahalagang kahulugan at pinakamarangal na antas nito ay ang paglalarawan mismo ng Allah sa Kanyang sarili gamit ang salitang ito. Kanya ring ginabayan ang nilikha tungo sa pagkahabag sa kapwa at ginawang palamuti sa kanilang sarili. Kaya't sinuman ang nabiyayaan ng "rahma"-o habag sa kapwa ay katiyakang nabigyan ng napakalaking pagpapala.

Ang habag at awa ng Allah ay masisilayan sa pangangalaga Niya sa Kanyang mga nilikha, sapagkat ito'y Kanyang itinakda para sa sarili at gayunding ito ay ginawa Niyang katangian ng mga anghel. Kanya mismong unang inilarawan ang Sarili bilang mahabagin pagkatapos ay ang pagiging Maalam. Sinabi ng Allah sa banal na Koran: [**Aming Panginoon! Inyong saklaw ang lahat ng mga bagay na may habag at kaalaman.**]<sup>1</sup>. Ang sinumang magmumuni-muni ay katiyakang kanyang masisilayan ang lahat nang ito sa sansinukob. Kabilang sa habag at awa ng Allah ay pagpapalitan ng gabi at araw, pagtatakda Niya ng biyaya para sa lahat ng nilikha at ang pagbuhos ng ulan. Anupa't ang pagpapadala niya ng mga mensahero at pagpapahayag sa mga banal na kasulatan bilang gabay ay patunay sa Kanyang habag at awa para sa sangkatauhan. Kabilang rin sa kadakilaan ng Allah ay ang pagtatakda Niya na magkaroon rin ng habag at awa ang Kanyang mga nilikha. Kayat' ating makikita ang habag at awa ng ina sa kanyang anak, pati na ang mga hayop ay nangangalaga sa kani-kanilang mga supling, ang pagkalinga ng matatanda para sa mga bata at ang pagtulong ng malalakas sa mga mahihina. Lahat ng mga ito ay larawan ng habag ng Allah na Kanyang ibinahagi sa mga nilikha Niya, at ang isang muslim ay inuutusang patibayin ang kanyang pananampalataya sa Allah sa pamamagitan ng pagmumuni-muni tungkol sa mga palatandaan ng Kanyang dakilang habag. Sinabi ng Allah: [**Kaya't inyong tingnan ang mga bakas ng habag ng Allah...**]<sup>2</sup>

Katotohanang sa katauhan ng Propeta Muhammad(saws) ay isang mabuting huwaran, sapagkat ang pagkahabag sa kapwa ay malinaw na masisilayan sa kanyang pagkatao. Kanyang pinahahalagahan ang lahat at nakikipag-ugnayan siya sa mga kamag-anak. Gayunding siya'y tumutulong sa mga naghihikahos at naghihikayat sa mga mananampalataya tungo sa pagkahabag sa kapwa. Sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Katotohanang kahahabagan ng Allah ang silang mga lingkod na nahahabag sa kapwa.**]<sup>3</sup> Saklaw ng habag at awa ng Propeta Muhammad(saws) ang sangkatauhan at iba pang mga nilikha ng Allah. Kaya't kapag siya ay nangunguna sa pagsasagawa ng salah ay kanya itong pinaiikli para sa kapakanan ng mga muslim. Kanya ring ipinagtatangol ang mga karapatan ng mga biyuda at mga ulila, at ipinagbawal ang pananakit sa mga hayop at pagpapahirap sa mga alipin. Sa laki ng kanyang pagmamalasakit at habag para sa mga mananampalataya, ay palagian niyang ipinanalangin sa Allah ang kanilang kapakanan. Kanyang sinabi :[ **O Allah! Ang aking nasyon(mga muslim), ang aking nasyon (kahabagan mo sila)**]<sup>4</sup>. Isinalaysay ni Aisha(ra) ang kuwento tungkol sa isang babaeng mahirap kasama ang dalawa niyang anak na babae na humingi ng makakain, kaya't binigyan niya ito ng tatlong "tamer" (dates), pagkatapos ay binigyan ng babae ang dalawang anak ng tig-isang tamer at nang isusubo na niya ang pangatlo ay di niya itinuloy bagkus ay hinati niya ito at ibinigay sa dalawang anak. Namangha ang Propeta Muhammad(saws) sa habag ng ina sa kanyang

mga anak kaya't sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Katotohanang sa kanyang ginawang ito, ay papapasukin siya ng Allah sa Paraiso.**]<sup>5</sup>

Noong mabawi ng Propeta Muhammad(saws) ang Mecca sa kapahintulutan ng Allah, ay nagpadala siya ng tao na nagpahayag ng mga katagang sumusunod: [Ang araw ng ito ay araw ng habag at awa.]. Ang pagkahabag sa kapwa ay katotohanang siyang palatandaan, simbolo at sentro ng ating relihiyon. Sinabi ng Allah:[ **At hindi ka Namin isinugo (Muhammad) maliban bilang habag sa sanlibutan.**]<sup>6</sup>

Katulad ng iba pang asal, ang habag at awa sa kapwa ay maaaring maitanim sa puso at isipan ng isang tao sa pamamagitan ng pagsasanay nito sa sarili. Kaya't sinuman ang siyang nagnanais na maging mahabagin at maawain ay kailangan niyang gumawa ng kabutihan sa kapwa na layunin ang pagkalugod ng Allah. Katotohanang ang karapat-dapat na kaawaan at kahabagan ng isang tao ay silang mga pinakamalapit ang relasyon sa kanya. Una sa lahat ay dapat niyang kahabagan ang kanyang mga magulang, sapagkat sila ang naging daan upang siya ay mabuhay sa mundong-ibabaw. Dapat niya ring kahabagan ang kanyang asawa, sapagkat siya ang katuwang niya sa hirap at ginhawa, at pagkatapos ay ang kanyang mga anak. Gayunding dapat niyang kahabagan ang lahat ng nilikha ng Allah. Sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Hindi kayo magiging tunay na mananampalataya hanggang kayo ay mahabag sa kapwa.] sinabi ng isa sa kanila: "O Sugo ng Allah! Lahat kami ay may habag sa isa't-isa."Sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [Hindi ang habag ninyo sa inyong mga kasamahan ang aking tinutukoy, kundi ang pangkalahatang habag sa lahat ng nilikha.]<sup>7</sup>**

Katotohanang ang habag at awa ay bahagi ng pananampalataya, datapuwat ito ang wika ng puso na nababasa ng bulag at naririnig ng bingi, nararamdaman ng matanda at bata, at nagpapasaya sa mayaman at mahirap. Kung ang mga tao ay mayroon lamang habag sa isa't-isa, ay katiyakang papawiin nito ang kahirapan katulad ng pagpawi ng bukung-liwayway sa kadiliman ng gabi.

#### References:

<sup>1</sup> Surah Ghafir:7

<sup>2</sup> Surah Ar-Rum 50

<sup>3</sup> Al-Bukhari 7448

<sup>4</sup> Muslim 202

<sup>5</sup> Muslim 2630

<sup>6</sup> Surah Al-Anbiya 107

<sup>7</sup> Sahih At-targhib 2253